BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAUNAWA SA PUBLIKO

Agosto 23, 2022

PARA SA: Lahat ng mga kapitbahay na pamahayan at negosyo na nasa loob ng 1,000 na piye sa iminumungkahing bago o binagong pinanggalingan ng maruming hangin na nakalista sa ibaba.

MULA SA: Bay Area Air Quality Management District

TUNGKOL SA: Paghiling ng Pahintulot Bilang 31255 para sa sumusunod na (mga) pinanggalingan ng maruming hangin:

Bagong Pasilidad/7 Pang-emergency na Backup Generator na Gumagamit ng Diesel
(New Facility / 7 Emergency Standby Diesel Generators)
Amazon Data Services Inc
25800 Clawiter Road, Hayward, CA 94545

Ang Bay Area Air Quality Management District (ang "Distrito") ay isang lokal na ahensiya na nangangasiwa sa mga nakapirmeng pinanggalingan ng maruming hangin kagaya ng mga pagawaan, mga pang-industriyang lugar, at mga gasolinahan.

Tuwing makakatanggap kami ng paghiling ng pahintulot para sa bago o binagong pinanggalingan ng mga nagpaparumi ng nakakalason na hangin na matatagpuan sa loob ng 1,000 na piye sa lugar ng paaralan, hinihiling ng batas ng Estado na pagbigyang-alam ang publiko. Upang matugunan ang pangangailangan na ito, namimigay o nagpapadala kami ng Paunawa sa Publiko sa mga magulang o tagapag-alaga ng mga estudyante na nakalista sa mga paaralan na matatagpuan sa loob ng 1/4 na milya, at lahat ng mga residente at negosyo na matatagpuan sa loob ng 1,000 na piye, ng iminumungkahing pinanggalingan.

Tinatanggap mo ang Paunawa sa Publiko na ito dahil may paghiling ng pahintulot na nakaharap na sa Distrito para sa itaas na natukoy na pinanggalingan ng maruming hangin. Ang paglalarawan ng iminumungkahing proyekto ay sumusunod:

> Nag-apply ang ***Amazon Data Services Inc*** para sa Awtorisasyon sa Pagtatayo at Permiso sa Pagpapatakbo ng pitong (7) bagong pang-emergency na backup generator na gumagamit ng diesel at mga nauugnay na device para sa pagbabawas (abatement).

PAUNANG PAGSUSURI

Napagpasiyahan na ng Distrito na ang karagdagang panganib sa kalusugan na nagreresulta mula sa mga nagpaparumi ng nakakalason na hangin na mga buga mula sa iminumungkahing pinanggalingan ay nasa loob ng antas na tinatanggap, at

ang proyekto ay susunod sa lahat ng mga ibang kinakailangang naaayon na pag-kontrol ng maruming hangin. Nang naaalinsunod, pinaplano ng Distrito ang maglabas ng Pahintulot Para Paandarin ang iminumungkahing proyekto.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Nakatuon ang Programa sa Pagprotekta ng Kalusugan ng Komunidad ng Distrito ng Hangin sa pagbabawas ng mga pagkakaiba-iba sa polusyon sa hangin sa mga labis na naaapektuhang komunidad. Para sa higit pang impormasyon sa mga aktibidad ng Distrito ng Hangin sa iyong komunidad, sumangguni sa website ng Distrito ng Hangin sa:

http://www.baaqmd.gov/permits/public-notices

Kung interesado kang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa proyektong ito, maaari kang kumuha ng kopya ng ulat sa pagsusuri ng Distrito ng Hangin mula sa website ng Distrito ng Hangin sa:

http://www.baaqmd.gov/permits/public-notices

PANAHON NG PAG-KOMENTARYO NG PUBLIKO

May 30-araw na panahon ang publiko para sa pagsagot sa mungkahing ito. Kung nais mong mag-komentaryo sa iminungkahing proyekto, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pagsulat o pag-email. Bilang alternatibo, maaari kang tumawag at mag-iwan ng mensahe hanggang sa isang minuto ang haba. Mangyaring iwanan ang iyong pangalan at numero ng telepono para masagot ang patnugutan ng Distrito ang iyong mensahe.

Mangyaring gamitin ang mga sumusunod na pakikipag-ugnay na impormasyon kung gusto mong mag-komentaryo sa iminungkahing proyekto:

Direksiyon sa koreo:	Amazon Data Services Inc (A#31255) Public Notice Response BAAQMD - Engineering Division 375 Beale Street, Suite 600 San Francisco, CA 94105 Attn: Daniel Oliver
E-mail address:	doliver@baaqmd.gov
Numero ng Telepono:	(415) 749-8691

Ang panahon ng pag-komentaryo ng publiko para sa proyektong ito ay magtatapos sa **Setyembre 22, 2022.**